

Valley Transportation Authority
*Solutions that move you*

# *FACT SHEET:* ***Express Lanes***

## Santa Clara Valley Transportation Authority's (VTA) Silicon Valley Express Lanes Phase 3 (SR 85/US 101) Express Lanes Project

### Pangkalahatang Ideya

Ang Santa Clara Valley Transportation Authority (VTA) Silicon Valley Express Lanes Program ay naglagay ng Express Lanes sa buong Santa Clara County kabilang ang mga inisyal na pagsasagawa sa State Route(SR) 237 at US 101/SR85 interchange. Isinasagawa ng VTA ang programa nang baha-bahagi batay sa magagamit na pagpopondo. Ang unang apat na bahagi ay ang pagpalit sa kasalukuyang mga carpool lane sa Express Lanes, habang ang mga bahagi sa hinaharap ay maaaring kabilangan ng parehong pagpapalit ng carpool lanes sa Express Lanes at pagdaragdag ng bagong Express Lane (kabilang ang pangalawang lane sa ilang mga pagkakataon) kung kinakailangan. Ipinapatupad ng Phase 1 ang Express Lanes sa SR 237 sa pamamagitan ng pagpapalit ng mga kasalukuyang carpool lane hanggang sa I-880-/SR 237 interchange. Kukumpletuhin ng Phase 2 ang pagpalit ng kasalukuyang carpool lanes sa Express Lanes sa SR 237 sa pagitan ng North First Street at Mathilda Avenue. Ipapatupad ng Phase 3 at 4 ang unang Express Lanes sa pagitan ng dalawang US 101/SR 85 interchange sa Mountain View at timog San Jose.

### Mga Benepisyo ng Express Lanes

- Mas mahusay na paggamit sa kasalukuyang daan.
- Nagbibigay ng bago at maaasahang opsyon sa pagbiyahe.
- Nagbibigay ng bagong pondo para sa pagpapahusay ng transportasyon kabilang ang public transit.

### Mga Feature ng Proyekto

Ang Phase 3 na proyekto sa US 101 at SR 85 ay:

1) Magpapalit sa kasalukuyang single carpool lanes sa express lanes sa mga sumusunod na lokasyon:
    a. US 101 mula sa malapit sa SR 237 hanggang SR 85 sa Mountain View.
    b. SR 85 mula SR237/Grant hanggang US 101/SR 85 Interchange sa Mountain View kasama ang kasalukuyang direktang connector ramp na carpool lane-to-carpool lane ng US 101/SR 85.
2) Magpapalit sa kasalukuyang double carpool lanes sa double Express Lanes sa US 101 mula US 101/SR 85 interchange sa Mountain View hanggang malapit sa San Mateo County line sa Palo Alto.

Ang mga pagpapahusay ay kinabibilangan ng mga sumusunod na elemento ng paggawa:

- Ipintura muli ang mga stripe sa daan;
- Paglalagay ng mga tanda ng Express Lane at sign poles sa kahabaan ng corridor;
- Paglalagay ng elektronikong senyas ng toll rate, toll readers at iba pang kagamitang pang-toll;
- Paglalagay ng video enforcement system, mga closed circuit na camera at iba pang kagamitan;
- Pagtatayo ng mga lugar sa pagpapatupad ng California Highway Patrol (CHP);
- Pagtatayong muli ng mga sementadong barrier at metal na guard railings;
- Paglalagay ng pangkomunikasyon at electrical na mga serbisyo para sa tolling system;
- Paglalagay ng ilaw sa iba'ibang mga lokasyon.

Ang mga pagpapahusay na ito ay hindi mangangailangan ng pagtatayo ng mga bagong linya ng trapiko.

## Operasyon

Sa sandaling makumpleto, ang VTA ang magpapatakbo, mamamahala at magpapanatili sa Express Lanes.

## Halaga ng Batayang Puhunan/Pagpopondo sa Proyekto

Tinatayang nasa $56.3 milyon ang halaga ng proyekto at pinopondohan ng magkasamang pagpopondong lokal, 2018 State Transportation Improvement Program (STIP), at Senate Bill (SB) 1 (Road Repair and Accountability Act of 2017) sa pamamagitan ng Solutions for Congested Corridors Program.


## Iskedyul


Mangyaring bumisita sa *vta.org/expresslanes* para sa iskedyul ng proyekto.

## Paano Makipag-ugnayan sa Amin:

Kung mayroon kayong anumang mga katanungan tungkol sa Mga Express Lane na Proyekto ng VTA, mangyaring makipag-ugnayan sa Community Outreach Department ng VTA sa (408) 321-7575, (TTY) para sa may kahirapan sa pandinig sa (408) 321-2330. Maaari mo rin kaming bisitahin sa web sa *www.vta.org* o mag -email sa amin sa *community.outreach@vta.org.*

1. **Paghihiwalay ng Lane** - Nakahiwalay ang mga express lane sa mga regular na daanan sa pamamagitan ng dalawang nakapinturang kulay puti na linya (double white painted buffer) o gatlang puting stripe na linya.
2. Dapat na may FasTrak tag ang lahat ng kotse para makapagmaneho sa express lane sa mga oras ng operasyon ng express lane.
3. Makakapagmaneho sa express lane nang libre sa toll ang mga carpool, vanpool at iba pang sasakyan na toll-exempt. Ipapakita ng mga karatula ang mga kahingian para sa mga drayber na libre sa pagbabayad ng toll.
4. **Elektronikong Impormasyon ng Toll** - Ipapakita ng mga elektronikong karatula ang kasalukuyang toll. Magbabago ang toll batay sa antas ng trapiko sa mga express lane at babaguhin upang mapanatili ang daloy ng trapiko.
5. **Koleksiyon ng Toll sa pamamagitan ng FasTrak** - Binabasa ng nasa itaas na antenna ang transponder ng FasTrak at ang tamang halaga ng toll ay automatikong binabawas mula sa mga prepaid na account sa Fas-Trak. Dagdag dito, makukunan ng kamerang Paglabag sa Pagpapatupad ng Sistema (Violation Enforcement Sytem, VES) ang imahen ng plaka ng lisensiya ng gumagamit ng sasakyan.




SVEL-Phase3 1/13/20 TAG